# Kataga ng Buhay

**Hunyo 2022**

## “Ikaw ang aking Panginoon; wala akong yaman liban sa iyo.”

(Mga Awit 16:2)

Ang Kataga ng Buhay sa buwang ito ay hango sa aklat ng Mga Awit na naglalaman ng ilan sa mga pinakamagagandang panalangin na iniuugnay kay Haring David at sa iba pa: ang mga ito ay bunga ng impluwensiya ng Diyos at nagtuturo sa atin kung paano bumaling sa kanya nang may pagtitiwala. Makikilala nating lahat ang ating sarili sa Mga Awit: labis na naaantig nito ang kaluluwa at ipinapahayag ang mga pinakamalalim at pinakamatinding damdamin ng tao: ang pag-aalinlangan, dalamhati, galit, pagdurusa, kawalan ng pag-asa, gayundin ang pag-asa, papuri, pasasalamat, at kagalakan. Kaya naman ang mga ito’y maaaring bigkasin ng bawat lalaki at babae ng lahat ng edad, mula sa lahat ng kultura, at sa bawat sandali ng buhay.

**“Ikaw ang aking Panginoon; wala akong yaman liban sa iyo.”**

Ang ika-16 na kabanata ng aklat ng Mga Awit ay paborito ng maraming espirituwal na manunulat. Halimbawa, nagkomento si Santa Teresa ng Avila: “Walang kulang sa sinumang taglay ang Diyos: Ang Diyos lamang ay sapat na para sa kanila!” Si Padre Antonios Fikry Rofaeil,[1] [Si Padre Rofaeil ay miyembro ng Simbahang Coptic Orthodox at naglingkod sa Ehipto at Canada. Para mabasa ang iba pang mga sinulat niya, bisitahin ang st-takla.org.] teologo ng Simbahang Coptic Orthodox, ay nagsabi: “Ito ang awit ng muling pagkabuhay, kaya dinarasal ito ng Simbahan sa madaling araw ... dahil si Kristo’y muling nabuhay sa bukang-liwayway. Ang awit na ito ay nagbibigay sa atin ng pag-asa sa ating walang-hanggang pamana, kaya madalas itong pinapamagatang ‘ginintuan,’ na nangangahulugang ito ay isang ginintuang salita, isang hiyas ng Banal na Kasulatan.”

Subukan nating ulitin ito, na pinagninilayan ang bawat salita.

**“Ikaw ang aking Panginoon; wala akong yaman liban sa iyo.”**

Bumabalot sa atin ang mga salita ng panalanging ito. Nararamdaman namin na ang aktibo at mapagmahal na presensya ng Diyos ay sumasaklaw sa lahat ng bagay sa paligid natin, gayundin sa lahat ng nilikha. Sa Kanya, nakatatagpo tayo ng lakas ng loob upang harapin ang mga dumarating na paghihirap, at kapanatagan upang itaas ang ating paningin at makita ang pag-asa sa kabila ng mga anino ng buhay.

Samakatuwid, paano natin isasabuhay ang Kataga ng Buhay sa buwang ito? Narito ang karanasan ni C.D.: "Kamakailan lang, hindi maganda ang pakiramdam ko, kaya sumailalim ako sa ilang pagsusuring medikal na nangailangan ng mahabang paghihintay. Sa wakas, nalaman ko kung ano ang sakit ko: mayroon akong Parkinson's... Napakalaking dagok talaga ito! 58 taong gulang lamang ako: paano naman ako nagkaroon ng Parkinson's? Tinanong ko ang sarili ko kung bakit ito nangyayari sa akin. Nagturo ako ng Motor at Sport Sciences, kaya di na bago sa akin ang pisikal na aktibidad!

"Naramdaman kong nawawalan ako ng isang napakahalagang bagay. Ngunit binalikan ko ang pinili ko noong bata pa ako: 'Ikaw, Hesus na ipinako at pinabayaan, ang tanging yaman ko!' "Salamat sa gamot, bumuti agad ang pakiramdam ko, ngunit hindi ko pa alam kung ano ang mangyayari sa akin sa hinaharap. Nagpasya akong mabuhay sa kasalukuyang sandali. Pagkatapos kong malaman ang resulta ng pagsusuring medikal, bigla akong nagsulat ng isang kanta: gusto kong awitan ang Diyos na nagsasabing 'Oo, ang aking kaluluwa'y puno ng kapayapaan!' "

Labis na tumatak rin ang mga salita ng awit na ito sa kaluluwa ng tagapagtatag ng Focolare na si Chiara Lubich. Sumulat siya: "Ang mga simpleng salitang ito ay tutulong sa atin na magtiwala sa Kanya at magsasanay sa atin na manahan sa Pag-ibig. Laging kaisa at puspos sa Diyos, patuloy nating itatayo ang mga pundasyon ng ating tunay na pagkatao bilang mga nilalang na nilikha sa Kanyang larawan."[2] [C. Lubich, Kataga ng Buhay, Hunyo 2001]

Sa buwan ng Hunyo, maaari tayong magkaisa sa "pagpapahayag ng ating pag-ibig" sa Diyos at magpaningning ng kapayapaan at kapanatagan sa paligid natin.

**"Ikaw ang aking Panginoon; wala akong yaman liban sa iyo."**

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

---

1.- Si Padre Rofaeil ay miyembro ng Simbahang Coptic Orthodox at naglingkod sa Ehipto at Canada. Para mabasa ang iba pang mga sinulat niya, bisitahin ang st-takla.org.

2. C. Lubich, Kataga ng Buhay, Hunyo 2001

Distributed in Japan by Focolare:
www.focolare.org/en ・ www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com
Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424・Nagasaki: 095-849-3812